**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 31-39

# Unpacking kanal language: Anong bago?

Macascas, Cristina ✉
*Philippine Normal University, Philippines (macascas.cd@pnu.edu.ph)*

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26817




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study examined the language used by Filipinos on social media. The general objective of the study was to understand canal language, a form of contemporary slang. Specifically, it aimed to identify the similarities and/or differences between canal language and other existing slang varieties, as well as to analyze how slang is formed. The descriptive method was used in the study. Data were collected through surveys, interviews, and corpus analysis. Of the 231 participants in the survey, 28 belonged to Generation Alpha, while 203 belonged to Generation Z. An additional 20 participants were interviewed in relation to the subject of the study. The findings revealed that the canal lexicon is derived from Generation Z and Generation Alpha slang. Canal language is commonly formed through back formation, metathesis, word combinations, clippings, and word borrowing. Overall, the study found that canal language is not significantly different from existing slang. Therefore, it is recommended that further studies be conducted to determine whether this language variety can be recognized and included in language registers.

***Keywords:*** canal humor, slang, sociolinguistics, survey, variety

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Unpacking kanal language: Anong bago?

## 1. Panimula

Ang pagpapatawa ng Pilipino ay madalas na nakaugat sa araw-araw na karanasan**.** Mula sa biro tungkol sa trapiko, kahirapan, politika, hanggang sa relasyon at pamilya, ang humor ay nagiging paraan upang ipahayag ang sama ng loob, pag-asa, at pananaw sa mundo. Ang konsepto ng ***tawanan sa gitna ng problema*** ay nagpapakita ng katatagan ng mga Pilipino, isang katangiang paulit-ulit na lumilitaw sa kulturang popular tulad ng musika, midya, at wika. Ang kulturang popular ay mga gawi na tinatanggap ng malaking bahagi ng populasyon ng isang lugar. Mas kilala ito ng karamihan sa ilang termino tulad ng sikat, uso, o *trending*. Ito ay may malakas na impluwensiya sa panahon ng katanyagan nito (Nuncio at mga kasama, 2014). Ang midya ay may ginagampanan sa buhay ng mamamayan. Hindi lamang ito nakapaghahatid ng kapaki-pakinabang na impormasyon kundi nakapagbibigay rin ng aliw. Malaki ang papel ng midya sa paghubog at pagpapalaganap ng Pinoy humor. Sa telebisyon, ang mga situational comedy (sitcom) at noontime show ang nagpakilala ng slapstick, wordplay jokes, at situational humor na madaling maunawaan ng masa. Sa pelikula, ginagamit ang komedya upang talakayin ang seryosong isyu gaya ng kahirapan, kasarian, at politika sa paraang katanggap-tanggap at madaling maunawaan.

Sa tradisyon ng Pinoy humor, ang pagpapatawa ay hindi lamang basta pagpapasaya; isa itong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa at pagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng mga salita, pahayag, at ekspresyong madalas ay matalas, tuwiran, satira, at minsan ay bastos. Sa kasalukuyan, ang social media ang pangunahing plataporma ng Pinoy humor. Dito umusbong ang mga meme, parody video, satirical content, at aircon humor vs ***kanal humor*** na mabilis kumalat at nagiging bahagi ng pang-araw-araw na diskurso ng kabataan. Ang kulturang popular ay lalong naging partisipatori, ang karaniwang mamamayan ay hindi lamang tagatanggap ng humor kundi aktibong tagalikha rin nito. Sa midya, kadalasang ipinapakita ang mga ***stereotypical*** na kanal na karakter. Dito pumapasok ang terminong kanal ***humor*** na nagiging katatawanan ang pag-aasal kanal (Honasan at mga kasama, 2023). Ang kanal humor ay isang uri ng pagpapatawa na lumitaw at lumago sa mga modernong plataporma ng komunikasyon. Walang tiyak na petsa na matutukoy kung kailan nagsimula ang kanal humor subalit naging popular ito sa Tiktok. Ang paglago ng mga content sa TikTok ay nagbigay daan para sa mga tagalikha (online creators) na gumamit ng malikhaing paraan ng pagpapatawa. Ang kanal humor ay naging estilo ng humor na tanggap ng mas maraming kabataan at online na komunidad.

Ayon sa Pambansang Diksiyonaryo sa Filipino (2021), ang kanal ay artipisyal na daanan ng tubig para sa patubig, paglalakbay, at iba pa. Sa pamamagitan ng mga kanal, mas madaling pamahalaan ang daloy ng tubig patungo sa mga kabahayan at sakahan; at napananatili ang kalinisan ng paligid. Bagaman sa Pilipinas, madalas na naiuugnay ang kanal sa maliliit at maruruming daluyan ng tubig sa gilid ng mga kalsada. Sa kanal humor, ang paggamit ng kanal bilang metapora ay nagiging paraan para lumikha ng mga salita o pahayag na nakapagpapatawa. Ang pag-usbong ng kanal bilang salitang ginagamit sa humor ay bahagi ng ebolusyon ng mga slang na salita sa social media. Dito, ang mga tagalikha ay gumagawa ng mga biro na hindi sumusunod sa pormal na wika. Mahalagang elemento ng Pinoy humor ang wika**.** Ang wika ay isang instrumento o kasangkapan ng sosyalisasyon, na ang mga relasyong sosyal ay hindi iiral kung wala ito (Sapir, 1949; Harris, 1951). Ayon sa Sapir-Whorf hypothesis, hinuhubog ng wika ang kaisipan. Ang estruktura at bokabularyo ng isang wika ay nakaiimpluwensiya sa kung paano nakikita at ikinakategorya ng tagapagsalita ang kaniyang paligid.

Ang pagkakaroon ng isang wika ay isang simbolo ng solidaridad na mag-iisa sa mga indibidwal na tagapagsalita ng naturang wika. Ang pagbabago sa wika ay karaniwan ng bahagi ng pagbabago sa buhay. Ang pamamaraan ng komunikasyon ay sumasabay sa pagbabagong ito. Binibigyang-buhay ng komunikasyon ang pagyabong ng kultura, lipunan lalo na ng wika. Ang wika ay dinamiko (Merida & Macascas, 2024). Lagi itong tumutugon sa pagbabagong sosyal, kultural, at teknolohikal maging sa pagbabago sa kalikasan. Sa lumalawak at nagbabagong lipunan, nagbabago rin ang mga halagahan, karanasan, at pagpapahayag ng mga idea at kaisipan.

May mga nauuso sa aspektong kultural at gawi na nakapaglunsad ng mga bagong termino tulad ng selfie, hashtag, ghosting, rage bait at iba pa na kadalasang umusbong dahil sa social media at teknolohiya. Ang komunikasyon naman sa kasalukuyan ay higit na mabilis at impormal sa pamamagitan ng social media at texting. Ang mga akronim ay nagsulputan na parang kabute bunga ng pangangailangan tulad ng LOL (laugh out loud), BRB (be right back), ATM (at the moment), BTW (by the way), OTW (on the way), SLR (sorry, late reply), AMP (ain't my problem), ABYG (Ako ba yung gago?) at marami pang iba.

Sa pag-unlad ng teknolohiya at inobasyon, kinailangan ng mga bagong termino. Kaya naman nabuo ang mga salitang smartphone, streaming, cloud computing, at iba pa. Habang patuloy na nakikipag-interaksiyon ang tao sa teknolohiya, nagbabago ang wika upang maipakita ang gayong pagbabago. Ang pagsilang ng nakababatang mga henerasyon ay madalas na nagpapakilala ng slang o mga bagong ekspresyon na nagpapakita ng kanilang natatanging mga karanasan at pananaw. Ito ay humahantong sa pagbabago ng wika dahil maaaring gamitin ng matatandang henerasyon ang ilan sa mga salitang ito, habang ang iba ay naglalaho sa paglipas ng panahon. Panghuli, nang dahil sa globalisasyon, nagkaroon ng mga ugnayan ang mga lugar at bansa sa bawat panig ng mundo. Nagbunga rin ito ng panghihiram ng salita. Halimbawa ang Filipino, hiniram nito sa Ingles ang salvage at trapik na parehong may positibong kahulugan. Pero nang maging bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon sa Pilipinas, pareho itong nagkaroon ng negatibong kahulugan – ang salvage ay naging pagpaslang samantalang ang trapik ay hindi paggalaw ng mga sasakyan.

Sa pagbabagong nagaganap sa wika, maraming slang ang umusbong, ginamit, sumikat, napalitan, at nagbagong-bihis (Gime & Macascas, 2020). Isa na rito ang kanal na wika na bunga ng kanal humor o vice versa. Ang mga kabataan sa kasalukuyan ay nag-aambag sa wika sa kasalukuyan mula sa mga transpormasiyon na nagaganap sa kanilang panahon bunsod ng pag-unlad ng teknolohiya at/o impluwensiya ng online platforms tulad ng social media. Kaugnay nito, sisipatin sa papel na ito ang kanal na wika. Susuriin kung may pagkakatulad o pagkakaiba ang wikang ito sa mga naunang slang sa bansa.

***Layunin*** - Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na maunawaan ang kanal na wika na gamit sa kasalukuyan. Ang mga tiyak na layunin ng pananaliksik ay ang sumusunod:

- Matukoy ang mga pagkakatulad at/o pagkakaiba ng kanal na wika sa ibang slang at
- Masuri kung paano nabubuo ang kanal na wika.

## 2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan upang maunawaan at mailarawan ang kanal na wika na ginagamit sa kanal humor o vice versa. Isinaalang-alang sa pag-aaral na ito ang mga etikal na konsiderasyon lalo na sa edad at kanilang pagsang-ayon sa pagiging kalahok ng pag-aaral. Mula sa 231 na kalahok sa sarbey, 28 na kalahok ang nabibilang sa Gen Alpha (edad 13 – 15) samantalang ang 203 na kalahok ay nabibilang sa Gen Z (edad 16 – 27). May 20 naman na nainterbyu kaugnay ng paksa ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay natamo sa pamamagitan ng pagpapasagot ng google form, interbyu, at pagsusuri ng korpus tulad ng tiktok at mga babasahin. Ang sarbey ay nahati sa iba't ibang klasipikasyon na inihanda ng mananaliksik. Ang mga kalahok ay nagtala ng mga salitang karaniwan nilang ginagamit sa pasalita o pasulat mang paraan nang pakikipag-interaksiyon sa kanilang mga kaedad. Ang mga nakalap na datos ay iniisa-isa. Sinuri ang pagkakatutulad o pagkakahawig ng mga ito. Matapos na magkaroon ng mga tala sa bawat klasipikasyon, ito ay muling ipinadala sa mga piling kalahok para sa kanilang balidasyon.

## 3. Resulta at Pagtalakay

Inilalahad sa bahaging ito ang mga nakalap na datos. Sa sumusunod na talahanayan mababasa ang mga datos na naging resulta ng interbyu upang maunawaan ang kanal na wika.

**Talahanayan 1**
*Pagpapakahulugan sa Kanal na Wika*

- Ito ay salitang kalye, impormal na pananalita, kanal humor, o hindi kaaya-ayang pananalita.
- Bagong slang na kung saan ang mga salitang ginagamit ay galing sa internet.
- Di pormal na paggamit ng mga salita.
- Ang mga wika na ginagamit ng mga kabataan ngayon lalo na ng Gen Z.
- Ang kanal na wikang ito ay para ring noon na tinawag na "jejemon" na mga salita.
- Ang kanal na wika ay isang impormal na wika na kung saan gumagamit tayo ng mga slang words na kadalasang naririnig sa kalye.
- "Improper words/ slangs that are mostly used in squatters area…"
- Impormal, madalas bulgar, at diretsahang pananalita na karaniwang ginagamit sa kalye or
- kalsada

Kapansin-pansin na halos magkakahalintulad ang sagot ng mga kalahok sa kanilang pagkakaunawa sa kanal na wika. Naniniwala silang ang kanal na wika ay nabibilang sa slang. Ginagamit ito sa impormal na usapan.

**Talahanayan 2**
*Midyum ng Pagkatuto ng Kanal na Wika*

| Midyum | Suportang Sipi |
|---|---|
| Social Media | Naririnig ko sa mga Tiktok. |
| | Sa FB posts. |
| | Nababasa ko sa memes online. |
| Kaibigan | Naririnig ko sa mga kaibigan. |
| | Nababasa ko sa GC namin ng friends ko. |
| Pampublikong Lugar | Naririnig ko mga magkakaklaseng nag-uusap sa LRT. |
| | Naririnig ko sa tambayan. |

Pangunahing midyum ng kanal na wika ang social media. Ang social media ay nagmamadaling daluyan ng komunikasyon na pinabibilis ng internet. Sa pamamagitan nito, nagiging malikhain din ang tao. Ayon kay Reyes (2023), nagiging malikhain ang Pinoy sa wika upang mapabilis ang komunikasyon, makakuha ng engagements, at makisabay sa uso. Dagdag pa niya, ang paglikha natin ng mga katawagan sa internet ay manipestasyon ng pagpapaloob ng kulturang Pilipino sa cyberspace na lumilikha ng mga terminong katatawanan sa pag-iral at ugnayan natin doon. Hindi maikakailangang lumaganap ang kanal na wika at kanal humor dahil sa mga content creator tulad nina LanceTann (360.5k followers), Justine Luzares (1.8M Tiktok followers at 1.9M Fb followers), Philip Te Hernandez a.k.a. Davao Conyo (4M Fb followers), Steve Bansil (1.3M+ Tiktok followers), Christian Antolin (5.5M+ Fb followers at 3.9M Tiktok followers), at maraming pang iba. Ang mga salita at pamamaraang ito ay natutuhan ng kanilang mga viewer at follower. Kalaunan, ginamit na rin nila sa kanilang pakikipagkomunikasyon sa mga kaibigan, kaklase, at kasing-edaran nila. Kaya naman madalas na itong naririnig sa pampublikong espasyo.

**Talahanayan 3**
*Paggamit ng Kanal na Wika*

| | Suportang Sipi |
|---|---|
| Oo. | Oo. |
| | Opo. |
| | Gumagamit. |
| | Minsan. |
| Hindi. | Hindi. |
| | Walang kuwentang mga salita. |
| | Nakakalito lang. |
| | Panggulo lang. |

Mapapansin sa bahaging ito na hati ang opinyon ng mga kalahok sa paggamit ng kanal na wika. May nagsasabi na minsan o talagang ginagamit na ito. Samantalang, may nagsabing hindi dahil nagdudulot lamang ito ng kalituhan o kaguluhan. Patunay lamang nito na ang wika ay arbitraryo. Ang paggamit ng wika ay isang kasunduan. Madalas itong nagaganap sa komunikasyon ng mga tiyak na pangkat. Ang dimensiyong sosyal ang nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga register, jargon, o sosyal na varayti tulad ng wika ng bakla (gaylingo), wika ng LGBTQ+, wika ng kabataan, wika ng estudyante, wika ng kababaihan, register ng guro, wika ng isports, at iba pa (Gime & Macascas, 2020). Samantala, sa sumusunod na talahanayan mababasa ang mga nalikom na

leksikon kaugnay ng kanal na wika.

**Talahanayan 4**
*Leksikon mula sa Gen Z Slang*

| Salita/ Parirala | Kahulugan | Halimbawa |
|---|---|---|
| amaccana | pinaikling "tama ka na" | Amaccana diyan, alam na namin 'yan. |
| awit | pinagsamang aw at sakit, isang ekspresyon na ginagamit sa pakikisimpatiya online | A: Kaunti lang nakapansin sa content ko.<br>B: Awit, sis! |
| bembang | pakikipagtalik | Nagbembangan yata sila kaya na-late. |
| boogsh | bongga | Boogsh, ganda ng skirt mo. |
| CEO | pinakamagaling o pinakamahusay sa isang bagay | Memorize mo na kagad?! E, di ikaw na ang CEO sa pagtula. |
| clout | hatak, impluwensiya o kapangyarihan ng tao sa social media | Malaki ang clout niya online kaya viral kagad ang post niya. |
| clout chaser | taong gumagawa ng mga bagay para lang sumikat, makakuha ng atensiyon, o impluwensiya—lalo na sa social media—kahit minsan ay negatibo o kontrobersiyal | 'Wag mong intindihin 'yan, clout chaser lang 'yan. |
| cringe | ginagamit kapag ang isang tao ay nahihiya o may awkward na pangyayari | Grabe naman 'yong shoes niya, nakaka-cringe! |
| dasurv | mula sa salitang deserve, ginagamit kapag may nangyari sa isang tao, positibo man o negatibo; katumbas ng "Buti nga sa 'yo." | A: Iniwan na siya ng jowa niya.<br>B: Dasurv! |
| delulu | pinaikling delusional, ibig sabihin ay may maling paniniwala, naiimbento sa isip, o naniniwala sa hindi totoo | Ang fans minsan, delulu sa pairing ng idols nila. |
| dogshow | pagbibiro o pagpapatawa sa isang tao o isang bagay | Pinagtitripan mo ko, dogshow ka, mima! |
| estetik | paglalarawan sa isang bagay o tao na maganda o kaakit-akit | Sa'n mo 'yan nabili? Napakaestetik. |
| fam | katumbas ng bro, ginagamit sa pinakamalapit na kaibigan | Masaya akong maging part ka ng fam. |
| flex | ipagyabang o ipakita ang isang bagay (karaniwan sa social media o usapan) | Mahilig siyang mag-flex ng bagong shoes sa IG. |
| forda go | handa na para sa lugar na pupuntahan | Ay, forda go! |
| forda ferson | internet slang na nag-umpisa sa isang viral Tiktok video na literal na ibig sabihin ay for the person, kadalasang ginagamit sa iba't ibang konteksto at sitwasyon na nagpapahiwatig ng layunin | Forda gastos na naman ang ferson this week. |
| giving (It's giving.) | ginagamit sa isang tao o bagay na nakapagbibigay ng tiyak na vibe o enerhiya | O, wow! It's giving a renaissance vibes. |
| glow up | malaking pagbabago sa anyo | Oy, si Jazz, nag-glow up. |
| kiffy | pribadong parte ng katawan ng babae | Ang daming tiktok post tungkol sa kiffy. |
| korique | correct o tama | Korique, sis! |
| lavarn | mula sa salitang laban, ekspresiyon na ginagamit sa panghihikayat ng tao | Kayang-kaya 'yan! Lavarn! |
| laro/ laroshie | hindi seryoso | Laroshie ka talaga hahaha |
| low key | simple lang, hindi lantaran, o hindi pinapansin masyado | Low key lang ang birthday celeb niya. |
| main character | pakiramdam na ikaw ang bida ng kuwento / buhay mo, o ikaw ang sentro ng atensiyon sa sitwasyon; madalas na ginagamit sa memes, self-confidence jokes, o social media captions | Christmas Break<br>Nag-uwian na ba ang mga main character? |
| mima | babae, bestie | Payag ka na ba, mima? |
| mother | ginagamit sa social media sa paglalahad ng suporta o paggalang sa isang icon at babaeng may tiwala sa sarili | Isang babae matapang na nagsiwalat ng tindig sa rally.<br>She mothered. |

| | | |
|---|---|---|
| naur | Pinoy slang na mula sa salitang Australian na ang ibig sabihin ay "no" o hindi puwede | A: Pupunta ka ba sa party?<br>B: Naur! |
| no cap | pagsasabi ng totoo, hindi sinungaling | Nakita ko s'yang nangopya sa exam, no cap. |
| omsim | binaligtad na mismo, tama, totoo, eksakto | A: Wala bang ganyan sa inyo?<br>B: Omsim! |
| paldo | maraming pera / malaki ang kinita | Paldong-paldo ang mga contractor. |
| pi | internet slang para sa "po" | A: Ginawa mo na project mo?<br>B: Yes, pi. |
| rizz | pinaikling charisma o karisma | A: Grabe talaga ang candidate number 16.<br>B: Ang lakas kasi ng rizz niya. |
| salty | pakiramdam ng inis, galit, pagkabalisa o pagiging bitter | Mababa ang score niya kaya salty s'ya ngayon. |
| sheesh | puwedeng nagpapahiwatig ng pagkamangha, pagkagulat o pagkatuwa | Napakamahal naman ng gown mo, sheesh! |
| shimenet | pinaikling "she may not" | Shimenet understand. |
| simp | pagkakaroon ng crush o pagiging obsessed sa isang tao | Simp ko talaga si Piolo. |
| slaps | papuri sa anomang cool o kamangha-manghang bagay ngunit madalas na ginagamit sa isang kanta | A: Napakinggan mo na 'yong bagong kanta ng Ben and Ben?<br>B: Slaps! |
| slay | ginagamit bilang papuri sa isang tao | Ganda ng damit, slay! |
| stan | pagsuporta sa isang tao; kombinasyon ng stalker at fan; ginagamit hindi lamang sa mga artista kundi pati na rin sa mga kakilala, kasamahan, o kaibigan | Inii-stan ng lahat kung sila talaga ang nasa blind item. |
| sus | pinaikling suspicious; kahina-hinala | Sus talaga 'yang BF mo, laging may kausap sa phone eh. |
| tea | tsismis, chika, o juicy na balita | Spill the tea nacurious na kami! |
| vibe check | pagsusuri sa ugali ng isang tao | Nakita ko na 'yong sinasabi mo. Pasado siya sa vibe check. |
| yeet | ekspresyon kapag masyadong na-e-excite o kaya naman ay may hinahagis na napakalakas, maaaring katumbas ng yehey | Pasado ako! Yeet! |

Kapansin-pansin na maraming salita na inaakalang kanal na wika ay nabibilang sa Gen Z slang. Marami rito ay sumulpot bago pa ang panahon ng pag-iral ng katawagang kanal na wika.

**Talahanayan 5**
*Leksikon mula sa Alpha Slang*

| Salita / Parirala | Kahulugan | Pinagmulan |
|---|---|---|
| drippy | *coolness* | mga hip hopper noong 2000s |
| fanum tax | paglalarawan sa taong nagnanakaw ng iyong pagkain | Twitch stream ni Kai Canet na nagtatampok sa YouTuber na si Fanum (sa stream makikita na kinuha ni Fanum ang cookies) |
| He's him/ She's her | ang "pinili" | awit ni Kevin Gates na may pamagat na I'm Him |
| Let him cook | ginagamit sa pagtatangkang mang-akit ng tao na nagugustuhan; metaporikal na paglalahad na hayaan mo siyang gumawa ng kilos o aksiyon | YouTube video na may pamagat na Lil B Based Cooking (Let that Boy Cook) |
| ratio'd | maraming tao ang hindi masaya para sa iyo o ang pagtatangka na gumawa ng isang kahanga-hangang bagay ay hindi nagtagumpay | umusbong sa Twitter noong 2020 |
| sigma | dominanteng lider, cool, popular | Tiktok |
| skibidi | ginagamit sa pagsisimula nang walang kabuluhang pakikipagkomunikasyon, inaasahang masusundan ng mga biro | serye ng mga video na nag-viral na Skibidi na inawit ng Little Big |

Taong 2012 nang ipakilala sa mundo ang mas pinaunlad na teknolohiya tulad ng iPad Mini, Kindle Fire,

Nexus 7, Samsung Galaxy S3 at iPhone 5. Ang mga imbensiyong ito ay nagbunsod sa mas mahahabang screen time. Kaya hindi nakapagtataka na maging ang Gen Alpha ay nakalikha ng kanilang sariling slang. Kaugnay nito, sa pag-aaral na isinagawa nina Vargas at Marbella (2023) na pinamagatang ***Bokabularyong Generation Alpha sa Pakikipagtalastasang Filipino, mapapansing karamihan sa leksikon na ginagamit ng Generation Alpha*** ay nagmula sa Gen Z slang tulad ng awit, cringe, desurv, fam, korique, rizz, stan, sus, vibe check, yeet, at marami pang iba.

Mula sa nasabing datos, mapaghihinuha na ang dalawang henerasyong ito ay nagsasalo sa magkakatulad na leksikon. Hindi naman nakapagtataka na mangyari ito dahil ang parehong henerasyon ay lantad sa mga streaming platform tulad ng Hulu, Twitch, Netflix, YouTube at iba pa. Bunga nito, sila ay nakabuo ng mga paraan upang ipahayag ang kanilang sarili kasama na rito ang humor. Pangalawa, naiimpluwensiyahan ng bawat isa ang leksikon ng bawat pangkat.

**Talahanayan 6**
*Akronim*

| Akronim | Kahulugan |
|---|---|
| AF | As fuck |
| FOMO | Fear of missing out |
| FR | For real |
| GOAT | Greatest of all time |
| IHYK | I hope you know |
| IJBOL | I just burst out laughing |
| ISTG | I swear to God |
| IYKYK | If you know, you know |
| LF | Looking for |
| LMK | Let me know |
| NGL | Not gonna lie |
| PMO | Pissing me off |
| SMH | Shaking my head |
| SML | Share mo lang |
| TBH | To be honest |
| TMI | Too much information |

Kapansin-pansin sa nakalap na datos ang mga akronim na kahalintulad ng pagbuo ng WikaGenZ (Gime & Macascas, 2020). Karaniwan pa rin ang paggamit ng ganitong anyo dahil sa kahingian ng panahon – kailangan ng agarang tugon at mabilis na aksiyon sa panahong ito na mas maunlad na ang teknolohiya.

**Talahanayan 7**
*Paraan sa Pagbuo ng Leksikon*

| Pamamaraan | Orihinal sa Salita | Bagong Salita |
|---|---|---|
| Pagbabaligtad | malakas | sakalam |
| | mismo | omsim |
| | mommy | mima |
| | salamat | matsala |
| | syug | guys |
| Pagbabago ng ispeling | correct | korique |
| | delusional | delulu |
| | deserve | dasurv |
| | laban | lavarn |
| | po | pi |
| Pagsasama ng mga salita | aw at sakit | awit |
| | She may not | shimenet |
| | Tama ka na | amaccana |
| Pagpapaikli ng mga salita | charisma | rizz |
| | suspicious | sus |
| Panghihiram ng salita | delusional (Ingles) | delulu |
| | no | naur (Australian) |

Makikita sa Talahanayan 7 na ang pagbuo ng bagong salita ay hindi naiiba sa mga natuklasan sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020) na ang WikaGenz ay nabubuo sa pamamagitan ng pagbabaligtad na maiuugat pa sa panahon ni Marcelo del Pilar na gumamit ng panulat sagisag na Plaridel. Sinusugan din ito ng pag-aaral nina

Maringal, David at Zamora (2021) na may pamagat na Glosaryo Batay sa Ponema at Morpemang Anyo ng Salitang Tadbaliks na nasa Facebook. Nakita rin sa pag-aaral nina Vargas at Marbella (2023) na nabubuo ang Alpha Slang sa pamamagitan ng pagbabaligtad. Ito rin ang nakitang paraan sa pagbuo ng mga salita sa social media sa pag-aaral na isinagawa nina Nacorda at Garma noong 2023. Napatunayan din sa pag-aaral nina Deyto at Marbella (2021) na ang Filipino-Tadbalik ay wika ng milenyal.

Pangalawa, nabubuo rin ang salita sa pamamagitan ng pagbabago ng ispeling. Ang metatesis ay nakita sa pag-aaral ng Tagalog Slang (Zorc, 1990). Ang pagbabago ng banghay o ispeling ay walang tiyak na sinusundang lingguwistikang porma na mababasa sa mga aklat panggramatika o tuntuning panggramatika. Ito ay nabubuo sa malikhaing paraan sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga pantig sa orihinal na salita. Sa ganitong paraan din nabubuo ang WikaGenz (Gime & Macascas, 2020) at Alpha Slang (Vargas & Marbella, 2023). Pangatlo, ang pagsasama-sama ng mga salita para makabuo ng isang salita. Isa ito sa natatanging paraan ng pagbuo ng salita na nasuri sa mga datos. Sa paraang ito, nagiging matipid ang paggamit ng salita. Makikita rin dito ang pagiging malikhain sa paglikha ng mga salita. Pang-apat, ang pagpapaikli ng salita. Ang ganitong paraan ay nakita sa pagbuo ng WikaGenZ (Gime & Macascas) at Alpha Slang (Vargas & Marbella, 2023). Panghuli, ang panghihiram ng salita. Likas na sa wikang Filipino ang panghihiram ng salita mula sa mga wika sa bansa at sa ibang bansa. Ang ganitong paraan ay nakita rin sa pagsusuri ng mga datos na nakalap. Gayon din, ang panghihiram ay nakita sa isinagawang pag-aaral tungkol sa Alpha Slang (Vargas & Marbella, 2023).

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang malawak na impluwensiya ng teknolohiya at midya ay may mahalagang papel sa pagpapalaganap ng mga bagong likhang salita, parirala o maging ekspresiyon. Ang pag-usbong ng kanal na wika bilang salitang ginagamit sa kanal humor ay bahagi ng pag-unlad ng Filipino slang sa social media. Sa espasyong ito, ang mga kabataan at online creator ay lumilikha ng mga post, video, meme, parody, at iba pa na hindi palaging sumusunod sa pormal na wika, kundi mas maikli, matalas, at may elemento ng sorpresa na dahilan kung bakit nagiging nakakatawa ito para sa maraming nakakaintindi ng konteksto. Sa pamamagitan ng paglabag sa nakasanayang tuntuning panggramatika at kumbensiyonal na diskurso, nabubuo ang humor. Isa itong teknik na nagdudulot ng hindi inaasahang pagtawa.

Ang paggamit ng slang ay nagbibigay ng mas malapit at personal na koneksiyon sa manonood o mambabasa. Sa pamamagitan ng *homophonic pun, double entendre*, at *semantic play*, naipakikita ang talas ng isip at malikhaing paggamit ng wika ng mga Pilipino. Dahil dito, nagiging daluyan ang humor ng pagbuo at pagpapatibay ng identidad sa loob ng kulturang popular. Ang kanal na wika ay isang termino para sa slang. Tinatawag itong kanal dahil iniuugnay ito sa pagiging hindi pormal o mababang uri. Sumulpot ito sa social media na naging bahagi ng kulturang popular. Bagaman nabigyan ito ng katawagang “kanal,” hindi ito naiiba sa ibang anyo ng slang na umiiral pa tulad ng WikaGenZ, Gen Z slang, Alpha slang, at gaylingo. Kapansin-pansin pa nga na naging koleksiyon ito ng iba’t ibang slang. Nabansagan lamang itong kanal na wika dahil sa madalas itong gamitin sa kanal humor. Sa kabuoan, iminumungkahi ang pagpapatuloy ng pag-aaral tungkol sa kanal na wika. Ang ganitong uri ng wika ay mahalagang pag-aralan dahil ipinapakita nito kung paano nabubuo ang kahulugan, identidad, at kapangyarihan sa diskurso, lalo na sa kulturang popular at dihital na espasyo. Mahalagang pagtuunan ng pansin sa susunod na pag-aaral kung maaari bang maibilang ang ganitong wika sa register na wika.

## 5. Sanggunian


Agustin, M. A. (2023, August 3). Wikang Gen Z: Ang pagsabay sa uso ng wikang Filipino. The Varsitarian. https://varsitarian.net/wikang-gen-z-ang-pagsabay-sa-uso-ng-wikang-filipino/

Almario, V. S. (Ed.). (2021). Pambansang diksiyonaryo sa Filipino. Ateneo de Manila University Press.

Baring, A., Albia, B. M., Guevarra, A., Normandia, J. J., & Bonganciso, R. (2025). Exploring the maxims of Filipino kanal (canal) humour through semantic analysis. Advanced Qualitative Research, 3(2), 1–16.

https://doi.org/10.31098/aqr.v3i2.3232
Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications, Inc.
del Rosario, P. (2023, January 29). 'Gen Z 101': Mga salitang pak na pak sa mga kabataan ngayon. Bandera. https://bandera.inquirer.net/337581/gen-z-101-mga-salitang-pak-na-pak-sa-mga-kabataan-ngayon
Deyto, N. H., & Marbella, F. D. (2021). Filipino-Tadbalik: Wika ng milenyal. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9(1), 98–105.
Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research in Science and Engineering (IJRSE), 9(3). https://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2020-5823/
Harris, Z. S. (1951). Review of Selected writings of Edward Sapir in language, culture, and personality, by D. G. Mandelbaum. Language, 27(3), 288–333. https://doi.org/10.2307/409694
Honasan, J., De Guzman, B., De Jesus, J., & Reyes, R. (2023, November 16). Unboxing kanal humor: Anong entry mo? The Manila Collegian.
Joser, J. R., Dedace, J. R., Daclizon, K., Salvaña, P. L., Nacionales, J., & Claridad, N. (2023). The rhetoric of comedy: Exploring the language and humor styles of Filipino stand-up comedians. Journal of Language and Philippine Studies, 2(2). https://doi.org/10.58881/jlps.v2i2.17
Kelly, H. (2013, January 4). The top 12 tech stories of 2012. CNN. https://edition.cnn.com/2012/12/27/tech/web/top-tech-stories-2012#:~:text=Story%20highlights,its%20patent%20war%20with%20Samsung
Kusyairi, Hikmah, & Qomariyah, N. (2024). Use of language variations on TikTok social media in Generation Z. INTERDISIPLIN: Journal of Qualitative and Quantitative Research, 1(3), 140–153. https://doi.org/10.61166/interdisiplin.v1i3.33
Leyts, M. (2024, August 24). The ultimate guide to Gen Z slang: Words, phrases, and terms explained. Generation ZALPHA. https://www.generationzalpha.com/blog/gen-z-slang
Maringal, M. L. F., David, A. P., & Zamora, N. C. L. (2021). Glosaryo batay sa ponema at morpemang anyo ng salitang tadbaliks na nasa Facebook. The Normal Lights, 15(1).
Merida, M., & Macascas, C. (2024). Gamhanan: Introdukiyon sa wika. Rex Book Store.
Morales-Nuncio, E., Nuncio, R. V., Dealino-Gragasin, J. M., Valenzuela, R. F., & Alcantara-Malabuyoc, V. (2014). Makabagong Filipino sa nagbabagong panahon. C & E Publishing, Inc.
Nacorda, R. F. T., & Garma, J. C. (2023). Forda ferson: implikasyon sa umuusbong na kulturang popular. International Journal of Research Studies in Education, 12(1), 7–13.
Oxford University Press. (2025, December 1). And the Oxford Word of the Year 2025 is…
Oxford Word of the Year. https://corp.oup.com/word-of-the-year/
Quizol, L. (2024, August 18). Is Gen-Z slang a new form of Filipino? ABS-CBN News. https://www.abs-cbn.com/lifestyle/2024/8/18/is-gen-z-slang-a-new-form-of-filipino-1726
Shibata, S. (2024, July 5). What is Gen Alpha slang? The meaning behind words like 'skibidi,' 'sigma'. FOX 5 NY. https://www.fox5ny.com/news/gen-alpha-slang-words-meaning-skibidi-sigma
Sitchon, J. (2023, October 29). Catch up with your 'fellow youth' with these Gen Z and Alpha slang! Rappler. https://www.rappler.com/life-and-style/arts-culture/gen-z-alpha-slang-terms-2023/
Vargas, A. B., & Marbella, F. D. (2023). Bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 12(8), 57–69.
Zorc, R. D. (1990). Tagalog slang. Philippine Journal of Linguistics, 21(1), 72–82.